# Abide

## Ang Kapangyarihan at Kagandahan ng Salita ng Diyos



Pananalangin, Pag-aayuno,
at Pagtatalaga sa Kalagitnaan ng Taon

# Abide

## Ang Kapangyarihan at Kagandahan ng Salita ng Diyos

Pananalangin, Pag-aayuno,
at Pagtatalaga sa Kalagitnaan ng Taon

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng Victory.
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Pastor Ernie at Michelle Aragon,
Bishop Manny Carlos, Daisy Cayos, Pastor Edgar Gorre,
Pastor Sonny Oaman, Dr. Winston Reyes

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation.

Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit,
ay mula sa Ang Salita ng Diyos (ASND) Copyright 2015 ng Biblica Inc.
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Pinahihintulutan ang pagpotokapi sa babasahing ito
para sa paggamit ng mga lokal na iglesya.
Ang babasahing ito ay hindi ipinagbibili.

victory.org.ph

# Nilalaman


Paghahanda sa Pag-aayuno ..... ii

Ang Aking Plano ..... vi

Panimula
Ang Salita ng Diyos ay Pumuputol ..... 1

Unang Araw
Ang Salita ng Diyos ay Tulad ng Ulan ..... 5

Ikalawang Araw
Ang Salita ng Diyos ay Tulad ng Hininga ng Buhay ..... 9

Ikatlong Araw
Ang Salita ng Diyos ay Tulad ng Apoy ..... 13

Pagtatapos
Ang Salita ng Diyos Ang Nagbubunga ..... 17

# Paghahanda sa Pag-aayuno

## Bakit kailangang mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sa simula at sa kalagitnaan ng bawat taon, naglalaan tayo ng oras para sa pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, italaga ang ating mga sarili sa Kanya, at sama-samang sumang-ayon sa pambihirang tagumpay na nagmumula sa Diyos.

## Si Jesus ay nag-ayuno.

> 1 Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. 2 Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya. **MATEO 4:1–2**
>
> Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya. **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

## Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian. **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at nalalaman natin kung ano ang nasa puso Niya.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, “Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila.” **MGA GAWA 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, nagiging sensitibo tayo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> 6“Ang ayunong makapagpapalugod sa akin ay ang ayunong may
> kasamang matuwid na pag-uugali. Tigilan ninyo ang paggawa ng
> kasamaan, pairalin n'yo na ang katarungan, palayain ninyo ang
> mga inaalipin at ang inaapi ay inyong tulungan. 7Bigyan ninyo ng
> pagkain ang mga nagugutom, patirahin ninyo sa inyong tahanan
> ang mga walang tahanan, bigyan ninyo ng damit ang mga walang
> damit, at tulungan ninyo ang inyong mga kaanak. 8Kapag ginawa
> n'yo ito, darating sa inyo ang kaligtasan na parang bukang-liwayway,
> at pagagalingin ko kayo agad. Ako na inyong Diyos na matuwid ang
> mangunguna sa inyo at ipagtatanggol ko kayo sa pamamagitan ng
> aking kapangyarihan. 9At kung dumulog kayo sa akin para humingi ng
> tulong, kayo'y aking sasagutin. “Kung titigilan na ninyo ang pang-aapi,
> ang pambibintang ng kasinungalingan, ang pagsasalita ng masama,
> 10at kung gagawin ninyo ang pagpapakain sa mga nagugutom, ang
> pagbibigay ng pangangailangan ng mga dukha, darating sa inyo ang
> kaligtasan na magbibigay-liwanag sa madilim ninyong kalagayan
> na parang tanghaling-tapat. 11Palagi ko kayong papatnubayan at
> bubusugin, kahit na mahirap ang kalagayan ninyo. Palalakasin ko
> kayo, at kayo'y magiging parang halamanang sagana sa tubig at parang
> bukal na hindi nawawalan ng tubig. 12Muling itatayo ng inyong mga
> lahi ang mga lungsod ninyong matagal nang wasak at aayusin nila ang
> dating mga pundasyon. Makikilala kayo na mga taong tagaayos ng
> kanilang mga gibang pader at mga bahay.” **ISAIAS 58:6–12**

Makikita sa kasaysayan na bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno, ang Diyos ay nagbigay sa mga bansa ng pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak. Nakakatulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

### Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksyon.

## Pagpaplano sa Pag-aayuno

> Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng PANGINOON ang mga kamangha-manghang bagay." **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga susunod na pahina, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano at hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin sa buong pag-aayuno at ibahagi ang iyong mga *faith goal* at mga nasagot na panalangin sa kanya. Ipagpatuloy ang pananalangin para sa isa't isa kahit tapos na ang panahon ng pag-aayuno.

PAALALA: Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

# Habang Nag-aayuno

> Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'" **MATEO 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensya, at pagiging mainisin.

# Paghinto sa Pag-aayuno

> [14]At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. [15]At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.
> **1 JUAN 5:14–15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, salad, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# Ang Aking Plano

## UNANG ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKALAWANG ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKATLONG ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

# Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa . . .

## Mga Nasagot na Panalangin

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo sa unang bahagi ng 2022.

# Sa ikalawang bahagi ng 2022, nagtitiwala ako sa Diyos para sa . . .

## Nais kong Makamtan para sa Aking Sarili

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay

## Aking Pamilya

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan

## Aking Pag-aaral/Trabaho

Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon

## Aking Paglilingkod

Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kasama sa Trabaho at mga Kamag-aral

> "Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit." **MATEO 18:19**

**Kasama Ko sa Pananalangin:**

# Nangangako akong mananalangin para kina . . .

**Pangalan** **(Mga) Ipinapanalangin**

# Nangangako akong ipapanalangin ko ang . . .

## Aking Iglesya

Pamunuan ng Iglesya • Panustos • Pagdidisipulo

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makipag-ugnayan sa mga Hindi Miyembro ng Iglesya

## Aking Bansa

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan

*panimula*

# Ang Salita ng Diyos ay *PUMUPUTOL*

### Basahin ang Juan 15:1–4

> 1Sinabi pa ni Jesus, "Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking
> Ama ang tagapag-alaga. 2Pinuputol niya ang aking mga sangang hindi
> namumunga, at nililinis niya ang bawat sangang namumunga para
> lalo pang mamunga. 3Malinis na kayo dahil sa mga salitang sinabi
> ko sa inyo. 4Manatili kayo sa akin at ako'y mananatili sa inyo. Hindi
> makakapamunga ang isang sanga malibang nakakabit ito sa puno.
> Ganoon din naman, hindi kayo makakapamunga kung hindi kayo
> mananatili sa akin."

Ang tagapag-alaga ng ubasan ay hindi lang isang karaniwang magsasaka na nagtatanim at umaani. Dapat ay alam niya ang lahat ng tungkol sa ubas at kung paano aalagaan ang mga ito. Noong nagsalita si Jesus tungkol sa ugnayan sa pagitan ng tagapag-alaga ng ubasan at puno ng ubas, makikita natin ang saloobin ng ating Ama sa langit para sa atin na mga anak Niya. Inaalagaan Niya tayo, kilala Niya tayo, at inaaruga Niya tayo.

Kapag inaaruga ng tagapag-alaga ng ubasan ang puno at mga sanga ng ubas, pinuputulan at tinatanggalan niya ang mga ito ng mga bagay na maaaring humadlang sa pagkakaroon nila ng mga bunga. Tulad nito, kapag may pinuputol ang Diyos sa ating buhay, tinatanggal Niya ang mga bagay na makahahadlang sa ating paglago at pagiging mabunga. Ginagawa Niya ito gamit ang Kanyang salita. Makikita natin sa Juan 15:3 na tayo'y nililinis Niya sa pamamagitan ng Kanyang salita. Ang salita Niya ang nagpapakita sa atin kung paano maging tulad ni Cristo at kung anong aspeto ng buhay natin ang kailangang magbago upang lalo tayong maging katulad ni Cristo.

Bilang tugon sa pagnanais ng Diyos na magkaroon ng mapagmahal at mapag-arugang ugnayan sa atin, nananatili tayo kay Cristo. Ang ibig sabihin nito ay may pagtitiwala, pananalig, at pagsunod ang ugnayan natin sa Kanya. Ang pagpuputol na ginagawa ng Diyos ay maaaring masakit at mahirap, ngunit ang ating patuloy at nagtatagal na ugnayan sa Ama sa pamamagitan ng Kanyang Anak ay nagbibigay sa atin ng pag-asa at kakayahan upang magbago.

Bago pa man tayo nakipag-ugnayan sa Diyos, Siya ang unang gumawa ng hakbang upang makipag-ugnayan sa atin. Oo, nananatili tayo sa Kanya, ngunit ang mas mahalaga ay nananatili Siya sa atin.

Habang tayo ay nananalangin at nag-aayuno ngayong linggo, naglalaan ng panahon upang pag-isipan ang salita ng Diyos gamit ang ating debosyonal, at nakikilahok sa mga *prayer meeting* o pagtitipon para sa pananalangin sa ating iglesya, titingnan natin ang iba't ibang mga imahe o paglalarawan na nagpapakita ng kapangyarihan at kagandahan ng salita ng Diyos. Makikita natin kung paano pinuputol ng salita ng Diyos ang mga dapat matanggal sa ating buhay at kung paano tayo binabago ng Kanyang salita. Iba-iba ang hitsura ng pagpuputol na ito sa lahat sa atin—kumikilos ang Diyos sa iba't ibang bahagi ng ating buhay at iba't iba ang mga itinakda Niyang panahon. Ang ibang pagpuputol ay agaran o mabilisan, samantalang ang iba naman ay inaabot ng mas mahabang panahon.

## **Sama-sama nating tanggapin ang ginagawang pagpuputol ng Diyos** *UPANG MAGING TULAD TAYO NI CRISTO ARAW-ARAW.*

Anong bahagi ng buhay mo ang nangangailangan ng pagpuputol na ginagawa ng Diyos? Paano ka tutugon sa mga ginagawa ng Diyos sa buhay mo ngayon?

Para sa nalalabing buwan ng taong ito, ano ang mga gusto mong baguhin sa ugnayan mo sa Diyos? Bakit ito mahalaga sa iyo?

Sino ang makakasama mo sa pananalangin at pag-aayuno ngayong linggo? Maglaan ng panahon ngayong linggo upang pag-usapan kung paano ninyo mapalalakas ang loob ng isa't isa.

*[1]Sinabi pa ni Jesus, "Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang
aking Ama ang tagapag-alaga. [2]Pinuputol niya ang aking
mga sangang hindi namumunga, at nililinis niya ang bawat
sangang namumunga para lalo pang mamunga. [3]Malinis na
kayo dahil sa mga salitang sinabi ko sa inyo. [4]Manatili kayo
sa akin at ako'y mananatili sa inyo. Hindi makakapamunga
ang isang sanga malibang nakakabit ito sa puno. Ganoon
din naman, hindi kayo makakapamunga kung hindi kayo
mananatili sa akin."* **JUAN 15:1–4**

Ama sa langit, salamat po dahil sinimulan Ninyo ang mapagmahal na ugnayan na mayroon ako ngayon sa Inyo. Ipakita po Ninyo sa akin ang mga bahagi ng buhay ko na nangangailangan ng ginagawa Ninyong pagpuputol, at habang ginagawa Ninyo ito, tulungan po Ninyo akong maging mapagpakumbaba upang matanggap at masunod ko ang Inyong salita. Turuan po Ninyo akong manatili sa Inyong katotohanan at mamuhay sa Inyong kaparaanan. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

*unang araw*

# Ang Salita ng Diyos ay Tulad ng *ULAN*

## Basahin ang Isaias 55:10–11

> 10 Ang ulan at nyebe ay mula sa itaas, at hindi bumabalik doon hangga't hindi muna nakapagbibigay ng tubig sa lupa at nakapagpapalago ng mga halaman para makapagbigay ng binhi at pagkain sa nagtatanim at
> sa mga tao. 11 Ganyan din ang aking mga salita, hindi ito mawawalan ng kabuluhan. Isasakatuparan nito ang aking ninanais, at isasagawa ang aking layunin kung bakit ko ito ipinadala.

## Karagdagang Babasahin: Isaias 55:1–9; Mga Hebreo 12:1–3

Ipinapakita ng Isaias 55 ang kalagayan ng mga Israelita matapos nilang talikuran ang Diyos. Nabihag sila, nasaktan at nawalan ng katiyakan para sa hinaharap. Ngunit dahil sa dakilang pag-ibig Niya para sa kanila, inanyayahan sila ng Diyos na bumalik sa Kanya. Nais Niyang makinig at manatili sila sa Kanya. Ipinaalala sa kanila ng Diyos na tanging sa Kanya lamang nila matatagpuan ang kapatawaran, kasiyahan, seguridad, at pagpapanumbalik. Tiniyak sa kanila ng Diyos na ipapahayag Niya ang Kanyang mga kaisipan at pamamaraan sa pamamagitan ng Kanyang salita.

Nakakatuwang isipin na inihambing ng Diyos ang Kanyang salita sa ulan, na hindi bumabalik sa kalangitan nang hindi nagagawa ang layunin nitong magbigay ng tubig sa lupa. Sa panahon ng tagtuyot, wala masyadong mga pananim ang tumutubo sa tuyo at tigang na lupa. Ngunit kapag umulan na, nagbabago ang tuyo at maalikabok na lupa at ito ay nagiging malago at saganang taniman. Nagsisimulang mamunga at lumaki ang mga halaman. Nagsisimulang lumabas ang buto sa bulaklak ng mga puno, na sa kalauna'y nagkakaroon ng mga bunga. Ang mga ito ang nagiging pagkain ng mga ibon

at iba pang hayop na napapadpad dito dahil sa paghahanap ng masisilungan. Nagbubunga rin ng masaganang ani ang mga taniman para sa kasiyahan ng mga tao. Bagama't nangangailangan ng mahaba-habang panahon bago mangyari ang lahat ng ito, hindi bumabalik ang ulan sa kalangitan nang hindi naibibigay ang tubig na siyang nagpapabago sa tuyong lupa at nagiging dahilan kung bakit ito nagiging isang malagong kapaligiran.

Tulad nito, ang salita ng Diyos ay hindi bumabalik sa Kanya nang hindi natutupad ang layunin nito. Ang salita Niya ang magpapalakas at magpapasaya ng ating kaluluwa, lalo na sa mga panahong ang buhay natin ay tila tuyo at walang bunga. Habang patuloy tayong tumutugon nang may pananampalataya sa pamamagitan ng paniniwala at pananatili sa Kanyang salita, ipanunumbalik at babaguhin ng Diyos ang ating buhay.

Ngunit maaaring may mga panahon na hindi kapansin-pansin ang pagbabago. Maaaring nararamdaman natin na hindi tayo lumalago at maaaring natutukso tayong balikan ang dati nating gawi o kaya ay maghanap ng mga kasagutan sa ibang lugar. Maaaring wala pa rin tayong kapanatagan at nakakaramdam pa rin tayo ng pagkabahala, at maaaring hindi natin magawang patawarin ang gumawa sa atin ng kamalian. Ngunit ang salita Niya ay nagbibigay sa atin ng katiyakan na Siya ay kumikilos sa atin. Bagama't maaaring maging mabilis ang pagbabagong-buhay, madalas ay nangangailangan ito ng isang mahabang proseso.

Dahil dito, habang naghihintay tayo, patuloy nating basahin, pag-isipan, paniwalaan, at sundin ang salita ng Diyos. Maaari tayong magkaroon ng katiyakan na tutuparin ng Kanyang salita ang Kanyang layunin sa atin habang nananatili tayo sa Kanya. Babaguhin tayo ng Kanyang salita, tutulungan tayong lumago at isapamuhay ang buhay na puno ng bunga na itinakda Niya para sa atin. Ang dati nating buhay na tuyo o walang sigla, walang kabuluhan, at hindi matuwid ay magbabago at kakikitaan ng pagiging tulad ni Cristo, hindi maipaliwanag na kaligayahan, ganap na kapayapaan, at nag-uumapaw na pag-ibig. Magagamit ng Diyos ang isang nagbagong buhay na tulad nito upang papurihan Siya at maipakita ang pag-ibig Niya sa iba.

## **Tutuparin ng salita ng Diyos** *ANG LAYUNIN NIYA SA ATIN.*

Sa anong mga bagay ka nagtatangkang maghanap ng kasiyahan sa halip na kay Cristo? Mag-isip ng ilang praktikal na paraan upang talikuran ang mga ito at umasa sa Diyos lamang.

Sa anong mga bahagi ng buhay mo kailangang maranasan ang pagbabago? Sa palagay mo, paano ito mangyayari?

May mga bahagi ba sa buhay mo kung saan mas nagiging matagal ang pagbabago? Sa tingin mo, ano ang itinuturo sa iyo ng Diyos tungkol dito?

*[10]Ang ulan at nyebe ay mula sa itaas, at hindi bumabalik doon hangga't hindi muna nakapagbibigay ng tubig sa lupa at nakapagpapalago ng mga halaman para makapagbigay ng binhi at pagkain sa nagtatanim at sa mga tao. [11]Ganyan din ang aking mga salita, hindi ito mawawalan ng kabuluhan. Isasakatuparan nito ang aking ninanais, at isasagawa ang aking layunin kung bakit ko ito ipinadala.*

**ISAIAS 55:10–11**

Ama sa langit, salamat po sa salita Ninyong nagbibigay kasiyahan sa aking kaluluwa. Ipinangako Ninyo ang paglago ng bawat aspeto ng buhay ko habang patuloy akong nananatili sa Inyong salita. Bigyan po Ninyo ako ng kakayahang magtiyaga, dahil alam kong palalaguin at babaguhin Ninyo ang aking buhay ayon sa Inyong itinakdang panahon. Salamat po sa Inyong salita na hindi nabibigong tuparin ang Inyong layunin. Nawa'y makapagbigay sa Inyo ng papuri ang buhay ko at maipakita ko ang Inyong pagmamahal sa iba. Sa pangalan ni Jesus, amen.

*ikalawang araw*

# Ang Salita ng Diyos ay Tulad ng *HININGA NG BUHAY*

### Basahin ang Juan 6:54–63

> [54]“Pero ang kumakain ng aking katawan at umiinom ng aking dugo
> ay may buhay na walang hanggan, at bubuhayin ko siyang muli sa
> huling araw. [55]Sapagkat ang aking katawan ay tunay na pagkain at ang
> aking dugo ay tunay na inumin. [56]Ang kumakain ng aking katawan at
> umiinom ng aking dugo ay nananatili sa akin, at ako naman sa kanya.
> [57]Ang Diyos Amang nagsugo sa akin ang pinagmumulan ng buhay, at
> dahil sa kanya ay nabubuhay ako. Ganoon din naman, ang sinumang
> kumain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin. [58]Ako ang tinapay na
> mula sa langit. Hindi ito tulad ng ‘manna’ na kinain ng inyong mga
> ninuno, dahil namatay pa rin sila kahit kumain sila noon. Ngunit ang
> sinumang kumain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman.”
> [59]Sinabi ni Jesus ang mga bagay na ito nang nangangaral siya sa
> sambahan ng mga Judio sa Capernaum. [60]Nang marinig iyon ng mga
> tagasunod ni Jesus, marami sa kanila ang nagsabi, “Mabigat ang
> itinuturo niya. Sino ang makakatanggap nito?” [61]Kahit na walang
> nagsabi sa kanya, alam ni Jesus na nagbubulung-bulungan ang mga
> tagasunod niya dahil sa mga itinuro niya. Kaya sinabi niya sa kanila,
> “Hindi ba ninyo matanggap ang mga sinabi ko? [62]Paano pa kaya kung
> makita ninyo ako na Anak ng Tao na pumapaitaas pabalik sa aking
> pinanggalingan? [63]Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay-buhay; hindi

> ito magagawa ng tao. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay mula sa Espiritu at nakakapagbigay-buhay."

Ang ipinakita ng pagpapakain ni Jesus ng 5000 na katao ay hindi lamang ang kapangyarihan ng Diyos na magkaloob ng pagkain, kundi pati na rin ang pangagailangan ng mga tao na makakain upang mabuhay. Ipinakita ni Jesus sa kanila na bagama't ang iniisip nilang pangangailangan ay pisikal na pagkain, ang mas malaki nilang pangangailangan ay ang espirituwal na pagkain. Nagbigay ito ng pagkakataon kay Jesus upang ipakilala ang Kanyang sarili bilang tinapay na mula sa langit.

Sa kasamaang palad, dahil sa kakulangan nila ng espirituwal na pang-unawa, hindi naintindihan ng mga Judio ang ibig sabihin ni Jesus nang ipinahayag Niya na ang tinapay na ito ay ang Kanyang laman at dugo. Dahil dito, marami ang hindi na sumunod sa Kanya. Ngunit ipinaliwanag ng ating Panginoon na ginamit Niyang talinghaga ang pagpapakain ng Kanyang laman at pagpapainom ng Kanyang dugo upang iparating sa kanila ang uri ng ugnayan kung saan nananatili sa isa't isa ang magkabilang panig at kakikitaan ng pag-asa o pagtitiwala sa Kanya. Tulad ng ganap na pagtitiwala ni Jesus sa Ama para sa buhay Niya noong narito Siya sa lupa, tayo rin ay makakaranas ng buhay na mula sa Diyos kapag nagtiwala at nanatili tayo sa Kanya.

Ipinaliwanag ni Jesus na walang naitutulong ang laman. Ipinarating Niya na ang limitasyon ng pisikal na buhay at pagkakabitag ng mga bagay na panandalian ay magiging hadlang sa pagkaunawa natin ng mga katuruan ni Jesus. Kabaligtaran nito, ang mga salita ni Jesus ay nagbibigay ng espirituwal na buhay, gaya ng nakasulat tungkol sa Anak sa Juan 3:34, *Sapagkat si Cristo na sinugo ng Diyos ay nagpapahayag sa atin ng mga sinasabi ng Diyos, dahil lubos na ipinagkaloob sa kanya ang Banal na Espiritu.*

Tulad nito, nakasaad sa Jeremias 15:16 na ang naging tugon ng propeta matapos ang paghahayag mula sa Panginoon ay, *Noong nagsalita kayo sa akin, pinakinggan ko po kayo. Ang mga salita po ninyo ay kagalakan ko . . .* ang halaga na ibinigay ni Jeremias sa salita ng Diyos ay gaya rin ng halagang ibinigay ni Jesus sa sarili Niyang salita, kung kaya't ang pagkain ng katawan ni Cristo ay nangangahulugan ng pakikinig sa Kanyang salita.

Kabilang sa salita ng Diyos ang Kanyang kaisipan, damdamin, at mga plano para sa atin, gaya ng ipinapahayag sa Kasulatan. Ngunit ito ay hindi lamang nakasulat na salita. Tuwing binibigkas ang salita ng Diyos, ito ay

nagbibigay-buhay. Ayon sa Mga Taga-Roma 10:17, *Sasampalataya lang ang tao kung maririnig niya ang mensahe tungkol kay Cristo, at maririnig lang niya ito kung may mangangaral sa kanya*. Ang pagpapahayag ng salita ng Diyos at pagbigkas ng Kasulatan bilang panalangin, gayundin ang ministeryo ng pangangaral at pagtuturo, ay makatutulong sa pagpapalago at pagpapanatili ng ating ugnayan sa Diyos.

**Ang tugon natin sa Kanyang salita, gaya ng pagsisisi, pananampalataya, pagpupuri, pagsunod, pagpapatawad, pagsasakripisyo, at pagbibigay,** *AY NAGPAPADALOY NG KANYANG ESPIRITU UPANG PATULOY TAYONG MAIPANUMBALIK AT MAGBAGO, NA NAGIGING DAHILAN UPANG TAYO AY MAGING MABUNGA PARA SA KANYANG KAHARIAN.*

Ano ang isang mahirap na katuruan na natutunan mo sa salita ng Diyos? Paano ka tumugon dito?

Aling bahagi ng buhay mo ang kailangang mabigyang buhay ng hininga ng Espiritu ng Diyos? Bakit *hindi ito magagawa ng tao*?

Binibigkas, ipinapahayag at ipinapangaral mo ba ang salita ng Diyos? Paano mo ito mas lalo pang magagawa simula ngayon?

*"Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay-buhay; hindi ito magagawa ng tao. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay mula sa Espiritu at nakakapagbigay-buhay."* **JUAN 6:63**

Ama sa langit, salamat po sa pagbibigay Ninyo ng buhay sa akin sa pamamagitan ng Inyong salita. Salamat dahil sa pamamagitan ng Inyong salita, mararanasan ko ang kabuuan ng Inyong pag-ibig at kasiyahan. Tulungan po Ninyo akong magpatuloy sa pananatili sa Inyong salita na Siyang nagbibigay-lakas at sigla sa aking kaluluwa. Nawa'y mabigkas, maipahayag, at maipangaral ko ang Inyong salita sa bawat bahagi ng aking buhay. Sa pangalan ni Jesus, amen.

*ikatlong araw*

# Ang Salita ng Diyos ay *TULAD NG APOY*

### Basahin ang Jeremias 20:9

> Kung minsan, naiisip kong huwag na lang akong magsalita ng tungkol sa inyo o sabihin ang ipinapasabi ninyo. Pero hindi ko po mapigilan, dahil ang mga salita n'yo ay parang apoy na nagniningas sa puso at mga buto ko. Pagod na ako sa kapipigil dito.

### Karagdagang Babasahin: Lucas 24:13–22

Si Jeremias ay tinawag ng Diyos upang ipangaral ang mensahe ng paghuhukom sa Israel at ang pangako ng pagtubos sa kanila kung babalik sila sa Kanya. Nang ipahayag niya ang mensahe, tinalikuran, ipinakulong, at pinagmalupitan pa si Jeremias ng mga tao. Nabigo siya, napagod, at pinanghinaan ng loob.

May panahon ba na habang ginagawa mo ang kagustuhan ng Diyos, tila mas lumalala pa ang sitwasyon? Ano ang mga naisip mo noong panahong ito? Para kay Jeremias, ito ang naisip niya, "*. . . huwag na lang akong magsalita ng tungkol sa inyo o sabihin ang ipinapasabi ninyo.*" Gusto na niyang tumigil sa pagiging tinig ng Diyos sa mga tao. Ngunit may iba pang kumikilos sa puso niya—ang salita ng Diyos! Sabi niya, *Pero hindi ko po mapigilan, dahil ang mga salita n'yo ay parang apoy na nagniningas sa puso at mga buto ko. Pagod na ako sa kapipigil dito.*

May pagkakataon bang pinagkatiwalaan ka ng isang taong mahal mo upang itago ang isang lihim o sikreto (halimbawa: isang engrandeng regalo para sa isang kaarawan o kaya ay isang *proposal* o alok ng pagpapakasal)? Naaalala mo ba kung gaano ito kahirap itago hanggang sa itinakdang oras kung kailan maaari na itong ipaalam sa iba at kung gaano kaganda ang naging pakiramdam mo noong sa wakas ay maaari mo na itong sabihin sa kanila? Ang tawag dito ng mga sikologo ay "*capitalization*." Ito ang pagbabahagi ng magandang pangyayaring narasanan mo. Natuklasan nila na may maganda itong epekto sa taong nagbabahagi ng lihim at sa mga taong tumatanggap nito.

Mas dakila ang salita ng Diyos kumpara sa anumang regalong pangkaarawan o alok ng pagpapakasal dahil babaguhin nito ang buhay natin magpakailanman. Ito ang dahilan kung bakit kahit na nais manahimik ni Jeremias dahil nahihirapan siya sa emosyong nararamdaman niya, dama pa rin niya sa kaibuturan ng kanyang puso ang apoy ng salita ng Diyos, na nagnanais o naghihintay na makakawala.

Tulad ng apoy, pinupukaw ng Bibliya ang damdamin natin, na nagpapasiklab ng apoy na mahirap pigilin sa ating mga puso. Ang pagpapanatili nito sa ating sarili lamang ay mahirap gawin dahil alam nating ang mensaheng ito ang makapagbabago ng buhay ng mga makakarinig nito. Hindi natin mapipigilang buksan ang ating mga bibig at ipangaral ang mabuting balita ng kaharian ng Diyos. Sa katunayan, ang dalawang disipulo ni Jesus na nasa daan papuntang Emmaus ay nagpatotoo tungkol sa pakikipag-usap nila sa muling nabuhay na si Cristo sa Lucas 24:32, *"Kaya pala ang ganda ng pakiramdam natin habang kinakausap niya tayo sa daan at ipinapaliwanag sa atin ang Kasulatan."*

**Kapag hinipo na ng salita ng Diyos ang ating puso,** *TAYO AY MAG-AAPOY SA SIGLA, KALINISAN, AT PAG-IBIG PARA SA KANYA AT SA LAYUNIN NG KANYANG KAHARIAN.*

Paano ka binago ng Diyos? Sa dalawa o tatlong pangungusap, isulat ang iyong patotoo sa patlang sa ibaba. Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon at ang katapangan upang maibahagi mo ito sa iba.

Balikan ang isang pagkakataon kung saan nagdalawang-isip kang ipangaral ang ebanghelyo ngunit ginawa mo pa rin. Ano ang kinalabasan nito?

Anong talata sa Kasulatan ang nagkaroon ng malaking epekto sa iyo kamakailan lang? Bakit? Ibahagi ito sa isang kamag-anak o kaibigan mo ngayong linggo.

*Kung minsan, naiisip kong huwag na lang akong magsalita ng tungkol sa inyo o sabihin ang ipinapasabi ninyo. Pero hindi ko po mapigilan, dahil ang mga salita n'yo ay parang apoy na nagniningas sa puso at mga buto ko. Pagod na ako sa kapipigil dito.* **JEREMIAS 20:9**

Ama sa langit, salamat po dahil sa tuwing dumaraan ako sa mga pagsubok sa buhay, pinalalalim ng Inyong salita ang ugnayan ko sa Inyo. Alisin po Ninyo sa akin ang kawalan ng pagmamalasakit, kaduwagan, at kawalan ng pagkukusa. Pag-alabin po Ninyo sa puso ko ang pagmamahal para sa Inyong salita upang ang apoy na ito ay dumapo sa mga taong nasa paligid ko. Sa pangalan ni Jesus, amen.

*pagtatapos*

# Ang Salita ng Diyos Ang *NAGBUBUNGA*

### Basahin ang Juan 15:4–5, 7–8, 16

> 4“Manatili kayo sa akin at ako'y mananatili sa inyo. Hindi
> makakapamunga ang isang sanga malibang nakakabit ito sa puno.
> Ganoon din naman, hindi kayo makakapamunga kung hindi kayo
> mananatili sa akin. 5Ako ang puno ng ubas, at kayo ang aking
> mga sanga. Ang taong nananatili sa akin at ako rin sa kanya ay
> mamumunga nang marami. Sapagkat wala kayong magagawa kung
> hiwalay kayo sa akin . . . 7Kung mananatili kayo sa akin at ang mga
> salita ko'y mananatili sa inyo, ipagkakaloob ko ang anumang hilingin
> ninyo. 8Napaparangalan ang aking Ama kung namumunga kayo nang
> sagana, at sa ganitong paraan ay naipapakita ninyo na mga tagasunod
> ko kayo. . . . 16Hindi kayo ang pumili sa akin kundi ako ang pumili sa
> inyo, para humayo kayo at mamunga ng mga bungang mananatili. Sa
> ganoon, anuman ang hingin ninyo sa Ama sa pangalan ko ay ibibigay
> niya sa inyo.”

Nitong mga nakaraang araw, nakita nating ang salita ng Diyos ay tulad ng ulan na nagpapalago sa atin, Kanyang hininga na nagbibigay-buhay sa atin, at apoy na nagbibigay sa atin ng tapang upang maipangaral ang ebanghelyo. Habang patuloy tayong nananatili kay Cristo at sa Kanyang salita, ang hindi maiiwasang resulta nito ay ang pagkakaroon ng bunga ng ating mga buhay. Kapag tumugon tayo sa pagpuputol na ginagawa ng Diyos, na tumutukoy sa salita Niyang kumikilos sa buhay natin, tayo ay mas magiging mabunga.

Sa kontekstong ito, ang salitang *bunga* ay ginamit bilang talinghaga na tumutukoy sa lahat ng nagawa kasama ni Cristo, bilang isang mananampalataya (sanga) na namumuhay sa piling ni Cristo (ang Puno ng

Ubas). Ang bunga ay ang kapansin-pansing patunay na kumikilos ang Diyos sa ating buhay at sa pamamagitan natin. Ang bunga ng Banal na Espiritu (Mga Taga-Galacia 5:22–23) ay ang ginawa ng Diyos na nagdudulot sa buhay natin ng pag-uugaling katulad ng kay Cristo. Ang bunga ay kumakatawan din sa mga mabubuting gawa na pinahahalagahan ng Diyos dahil nagbibigay ito sa Kanya ng karangalan. Tinukoy ni apostol Pablo ang *katangiang ipinagkaloob ni Jesu-Cristo* (Mga Taga-Filipos 1:11), ang *lumalago sa mabubuting gawa* (Mga Taga-Colosas 1:10), at ang taong *naliwanagan* na kakikitaan ng *kabutihan, katuwiran, at katotohanan* (Mga Taga-Efeso 5:9). Hindi ito bunga ng sarili nating pagsusumikap o kakayahan. Ito ay pag-uumapaw mula sa isang malago at matatag na ugnayan kay Cristo. Ang bunga sa buhay natin ay kung paano napararangalan ang Diyos dito sa lupa at kung paano tayo nakikila ng iba bilang mga tagasunod Niya.

Ang pamumunga ay isang proseso na nangangailangan ng panahon. Ngunit habang patuloy nating isinusuko ang ating buhay sa Panginoon at nananatiling konektado sa Puno ng Ubas, ang ating buhay ay hindi lamang magiging mabunga kundi *mamumunga nang marami*.

Pinili tayo ni Jesus hindi lamang upang magkaroon ng maraming bunga kundi upang magkaroon ng mga bungang magtatagal. Ang bunga ng pagkakaroon ng pag-uugaling natutulad kay Cristo ay hindi pansamantala lamang, kundi magtatagal magpakailanman. Ang bunga ng mabubuting gawa na ginawa natin kasama ni Cristo ay hindi lang para sa buhay dito sa mundo. Ang mga ito ay may walang hanggan kahalagahan at makakatanggap ng walang hanggang gantimpala.

## Kapag nananatili sa atin ang salita ng Diyos, nagkakaroon ng maraming bunga sa ating buhay na *MAGBIBIGAY NG KARANGALAN SA DIYOS.*

Bilang tagasunod ni Cristo, sa palagay mo ba ay namumunga ang buhay mo? Sa tingin mo, paano ka mas mamumunga at *mamumunga nang marami* ngayong taon?

Kanino mo maipapangaral ang ebanghelyo ngayong buwan? Isulat sa ibaba ang pangalan ng tatlo hanggang limang kaibigan, kaklase o katrabaho, kapitbahay, at kamag-anak. Paano mo sila maipapanalangin magmula ngayon?

*7"Kung mananatili kayo sa akin at ang mga salita ko'y mananatili sa inyo, ipagkakaloob ko ang anumang hilingin ninyo. 8Napaparangalan ang aking Ama kung namumunga kayo nang sagana, at sa ganitong paraan ay naipapakita ninyo na mga tagasunod ko kayo."* **JUAN 15:7–8**

Ama sa langit, dinadalangin ko na bigyan po Ninyo ako ng kakayahang manatili sa Inyong salita upang mamunga ang aking buhay. Salamat po, Panginoon, dahil habang patuloy akong nililinis at pinuputulan ng Inyong salita, marami pang tao ang makakakita ng bunga ng Espiritu sa buhay ko. Sa pagpapakita ko ng pag-uugaling tulad ng kay Cristo, nawa'y humantong ito sa mga pagkakataon kung saan maibabahagi ko ang Inyong salita sa mga tao na magiging mga tagasunod din ni Cristo. Ito ang idinadalangin ko sa pangalan ni Jesus, amen.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

www.victory.org.ph

@victoryph